




Republic of the Philippines  
**CITY OF SANTA ROSA**  
 Province of Laguna



**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING TATLONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG BIYERNES, IKA-7 NG ABRIL, 2006 SA GUSALING BATASAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD.

**Mga Dumalo:**

- |                                  |                                |
|----------------------------------|--------------------------------|
| 1. Kgg. ARIENE ARCILLAS-NAZARENO | - Pang. Punong-lungsod, Namuno |
| 2. Kgg. LAUDAMER A. CARTA        | - Kagawad                      |
| 3. Kgg. JOSE C. CARTAÑO          | - Kagawad                      |
| 4. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA    | - Kagawad                      |
| 5. Kgg. PAUL J. AALA             | - Kagawad                      |
| 6. Kgg. ARTURO M. TIONGCO        | - Kagawad                      |
| 7. Kgg. ARNEL D. GOMEZ           | - Kagawad                      |
| 8. Kgg. ANTONIA T. LASERNA       | - Kagawad                      |
| 9. Kgg. ROY M. GONZALES          | - Kagawad                      |
| 10. Kgg. RONALD TAN A. DE GUZMAN | - Kagawad                      |
| 11. Kgg. MYTHOR C. CENDAÑA       | - Kagawad                      |

**Di-Dumalo:**

- |                         |           |
|-------------------------|-----------|
| 1. Kgg. ROMEO P. AALA   | - Kagawad |
| 2. Kgg. ATZEL B. ALIFON | - Kagawad |

\*\*\*\*\*

**KAPASIYAHAN ELG. 90-2006**  
 (Sa mungkahi ng Lupon ng Health and Sanitation)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATERAY NG ULAT NG LUPON NG HEALTH AND SANITATION NA GINAGAWANG BAHAGI NG KATITIKANG ITO AT NILAGYAN NG TANDANG "L", KASAMA ANG MUNGKAHING ILIWAT ANG USAPIN SA TANGGAPAN NI PUNONG-LUNGSOD JOSE B. CATINDIG, JR. PARA MADALIANG PAGPAPASARA NG HANAPBUHAY NA "CAR REPAINTING SHOP" NI G. RENE AMBAS SA TIONGCO SUBDIVISON, BARANGAY TAGAPO, ALINSUNOD SA ULAT NG CITY HEALTH OFFICER AT CITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICER.

YAYAMANG, ang mga naninirahan sa Tiongco Subdivison ay nagparating ng Sumbag hinggil sa kapinsalaang naidudulot ng "car repainting shop" ni G. Rene Ambas sa mga naninirahan at kapaligiran ng subdibisyon;

YAYAMANG, ang Tanggapan ng City Health Officer at City Environment and Natural Resources Officer ay nagbigay ng Ulat hinggil sa mga paglabag ng hanapbuhay sa mga patakarang pangkalusugan at pangkapaligiran, gayundin ang paglabag sa batas na kinakailangang mayroong "business permit" ang mga hanapbuhay;

19



Republic of the Philippines  
CITY OF SANTA ROSA  
Province of Laguna

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

pahina 2 – Kap. Blg. 90-2006


**YAYAMANG**, ang Tanggapan ng Punong-lungsod ang may kapangyarihang magpasiya sa pagpapasara ng anumang hanapbuhay sa isang pamayanan matapos masiyasat at mapagtibay ang mga paglabag sa anumang pambansa o lokal na batas;

**KAYA'T**, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

**IPINASISIYA**, tulad ng dito'y ginagawang **PAGPAPASIYA** at ngayon nga ay **IPINASIYA** ang pagpapatibay ng ulat ng Lupon ng Health and Sanitation at pagliliwat sa Tanggapan ng Punong-lungsod Jose B. Catindig, Jr. para sa madaliang pagpapasara ng "car repainting shop" ni G. Rene Ambas sa Tiongco Subdivision, Barangay Tagapo, alinsunod sa Ulat ng City Health Officer at CENRO.

**BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.**

Pinatotohanan:

  
**ARLENE ARCILLAS-NAZARENO**  
Pangalawang Punong-lungsod

**PATOTOO:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay para sa Ikalawang Pagbasa at sinipi mula sa katitikan ng Ika-13 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Panlungsod ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-7 ng Abril, 2006.

  
**CYNTHIA M. GOMEZ**  
Kalihim Panlungsod

## ULAT NG LUPON NG HEALTH AND SANITATION

**PAKSA: REKLAMO NG MGA HOMEOWNERS  
HINGGIL SA CAR REPAINTING SHOP  
NI G. RENEE AMBAS SA TIONGCO SUBD.**

### MGA KATOTOHANAN (FACTS):

Ang usapin ay nagsimula noon pang Mayo, 2005, nang ang mga naninirahan sa Tiongco Subdivision ay nagparating ng sumbong sa Tanggapan ng Sangguniang Barangay ng Tagapo hinggil sa kapinsalaang naidudulot ng pagawaan ni G. Ambas sa mga naninirahan sa pamayanang Tiongco Subdivision.


Batay Kay Punong-barangay Aldana ay nagkaroon ng pagkakasundo na babakuran ni G. Ambas ang paligid ng pagawaan nguni't ito ay hindi naipatupad sa dahilang, ayon kay G. Ambas ay wala siyang kakayahan upang gastusan ang pagpapabakod. Ang usapin ay iniliwat sa Tanggapan ng City Health Officer na nagsagawa naman ng dalawang (2) pagbibisita. Batay sa ulat ng City Health Officer ay walang kaukulang Pahintulot sa Paghahanapbuhay (business permit) si G. Ambas upang maipagpatuloy ang hanapbuhay at gayundin ay iniulat na ang hanapbuhay ay wala sa angkop na lugal. Ang ulat ng Tanggapang Panglungsod ay iniliwat sa Tanggapan ng Punong-lungsod. Gayundin ay iniliwat ito sa Tanggapan ng Sangguniang Panlungsod.


Bilang karagdagan ay ihain sa lupon ang ulat (Investigation Report) mula sa Tanggapan ng City Environment and Natural Resources Office at maliwanag na itinala ang mga obserbasyon na ang painting shop ni Mr. Ambas ay patuloy ang operasyon sa loob ng 3 taon ng walang business permit; si G. Ambas ay hindi resident eng Tiongco Subdivision; at ang lugal na ginagamit ay lupang may gamit-residensiyal. Ayon sa gumaganap na pinuno ng CENRO ang ulat ay iniliwat sa City Health Officer, City License and Permit Division at Zoning Officer upang bigyang hakbang ang mga paglabag.

Ang usapin ay iniliwat sa Lupon ng Health and Sanitation na nagsagawa ng pagdinig na dinaluhan ni G. Ric Lijauco, Pangulo ng Tiongco Subdivision, Brgy Kagawad Rolando Bato, Marietta Bartolazo, Punong-barangay Pablo Aldana, G. Rene Ambas at ilang naninirahan sa subdibisyon.

### PAG-AARAL AT REKOMENDASYON:

Maliwanag na ang painting shop ni G. Ambas ay matagal at maliwanag din na simula sa Barangay ay ipinahayag na ang mga paglabag sa operasyon ng painting shop. Gayundin ay maliwanag ang mga ulat ng mga Tanggapan ng Pamahalaang Panlungsod na kinabibilangan ng City Health Officer at CENRO, kaya't iminumungkahi ng Lupon na iniliwat ang usapin sa Tanggapan ni Punong-lungsod Jose B. Catindig para sa madaliang hakbang ng pagpapasara sa painting shop ni G. Ambas, alinsunod na rin sa ulat ng City Health Officer at CENRO. Ika-21 ng Marso, 2006.

  
**PETRONIO C. FACTORIZA**  
Kagawad

  
**ROY M. GONZALES**  
Tagapangulo

  
**ANTONIA T. LASERNA**  
Kagawad